

# Chapter One



**M**alas ang tingin ni Daffodil Santiago sa kanyang sarili. Mula nang magkaisip siya, wala siyang natatandaang suwerte na nangyari sa buhay niya. Lahat ay kamalasan.

Limang taong gulang lamang siya nang mamatay ang kanyang ama. At siya ang sinisisi ng ina niyang si Aling Eden sa pagkamatay nito.

Humiling kasi siya noon sa ama ng bagong manyika dahil sinira iyon ng Kuya Marlo niya. Hindi naman niya inakalang may mangyayaring trahedyang nang hapong iyon sa palengke.

Nagulat na lamang siya nang biglang nagkagulo at nagsigawan ang mga tao. Parang hinawan ang mga ito dahil sa dalawang lalaking naghahabulan. Nang magpapatok ng baril ang isa, ang ama niya ang tinamaan.

Wala siyang pagsidlan ng takot nang mga sandaling iyon. Iyak siya nang iyak. Nanginginig ang mga tuhod niya habang pinagmamasdan ang nakahandusay na ama sa kalsada.

Mula noon, naging matabang na ang pakikitungo sa kanya ng ina. Parang hindi man lamang sumagi sa isip nito na nasaktan din siya sa nangyari.

Pagkalipas ng ilang taon, muli itong nag-asawa. Noong una ay parang hindi makabasag-pinggan ang lalaki. Ngunit nang lumaon ay lumabas ang tunay na kulay nito. Halos araw-araw ay sinasaktan nito si Aling Eden at umaaktong animo hari sa bahay nila.

Nang magdalaga si Daffodil, hindi niya inakala na hahantong iyon sa puntong pagtatangkaan siyang pagsamantalahan ng lalaki. Mabuti na lang at nagawa niyang makaalpas mula sa mga kamay ng animo demonyong ama-amahan.

Mula noon ay hindi na niya nakita pa ang pinakamamahal na pamilya. Hindi na niya alam kung ano ang nangyari sa mga ito. At kahit gustuhin niyang bumalik, hindi na siya nangahas pa.

Pamamasukan bilang kasambahay ang naisip niyang trabaho upang hindi siya maging palaboy sa lansangan. Ang ipinagpapasalamat na lang niya ay mabait at may konsiderasyon ang pamilyang huli niyang napasukan sa bayan ng Guiguinto, Bulacan.

Bukod sa binigyan siya ng mga ito ng pagkakataong makapag-aral, itinuring din siyang parang miyembro na ng pamilya. Dahil doon ay naging matalik niyang kaibigan ang bunsong anak ng mga ito na si Claire.

“Ano!” Nanlaki ang mga mata ni Claire sa gulat nang ibalita niya na wala na kaagad siyang trabaho

hindi pa man nag-iinit ang puwit niya bilang stock room item checker sa *Genesis Paper Manufacturing Company*. “Bakit ka nila tinanggal? Ano ang dahilan? Hindi ka man lang umapela?”

Nakangusong sumalampak sa sofa si Daffodil. “Paano ako aapela, eh, mabigat na dahilan iyong ibinibintang nila sa akin?”

Nag-alalang tinabihan siya nito. “Ano ba ang nangyari?”

“Hindi ko naman alam na nagpupuslit pala ng items si Sir Philip,” tukoy niya sa head supervisor ng kompanya. “Biruín mo, kahit gusto kong umuwi nang maaga, hindi ko magawa dahil nga sa gabi ang product delivery ng purchase orders na ipinagagawa niya. Iyon pala, illegal ang lahat ng iyon! Pambihira! Pati ako, idinamay niya! Walanghiyang iyon!” nagngingitngit na sabi niya.

“Sa gabi ang delivery?” napakunot-noong ulit nito. “Ngayon lang ako nakarinig ng ganyan. Dapat noon pa lang, kinutuban ka na. Kaya pala madalas kang mag-overtime ay dahil lang doon. Kung alam ko lang, napaalalahanan sana kita. Hindi na sana umabot sa ganito.”

Gusto man niyang sisihin at panggigilan ang sarili ay huli na. Sa kagustuhang magtagal sa trabahong iyon, hindi niya binigyang-pansin ang nakakadudang pamamalakad ng supervisor. Natauhan na lamang siya nang matanggap niya ang

mismong termination paper.

“Naiinis nga ako sa sarili ko, Claire. Ang tanga-tanga ko! Para akong aso na naging sunud-sunuran kay Sir Philip. Wala akong kamalay-malay na isinasalang na pala niya ang ulo ko sa berdugo,” himutok niya, sabay buntong-hininga. “Talagang kahit saan ako magpunta, kabuntot ko ang malas!”

“Magpasalamat ka na lang at ganoon lang ang ginawa nila sa ’yo. Kung kinasuhan ka nila, mahihirapan kang maghanap ng ibang trabaho,” komento ni Claire.

“Kung hindi ko iniyakan iyong manager, talagang kakasuhan nila ako. Pati nga buhay ko na ayaw ko nang halungkatin, nagawa ko pa ring ikuwento sa kanya nang buong-buo.”

“Kaya pala namumugto iyang mga mata mo.” Napailing ang kausap niya. “Sa susunod, mag-iingat ka na. Talasan mo ang pakiramdam mo. Hindi lahat ng taong may magiliw na ngiti ay maganda ang ugali. Saka minsan, kung sino pa iyong mukhang santo o santa, sila pa iyong traydor.”

Pumalatak si Daffodil. “Akala ko makakaipon na ako ng pera sa trabahong iyon, hindi rin pala. Heto na naman ako, panibagong simula. Nakakainis talaga!”

Namilog ang mga mata ng kaibigan nang tila may naalala. “Ang mabuti pa, habang wala ka pang trabaho, sumama ka sa akin sa Tagaytay.”

“Tagaytay?” ulit niya na medyo napangiwi. “Ngayon pa? Saan ako kukuha ng pamasahe at panggastos ko doon?”

“Libre iyon, huwag kang mag-alala,” nakangiting sabi nito.

“At sino ang dakilang manlibre?”

“Si Faye.”

“Si Faye?” Napadilat siya. “Iyong sexy at sosyalera mong officemate sa Makati?”

Tumango ito. “Birthday niya sa darating na Sabado at doon siya magse-celebrate.”

Napangiwi si Daffodil. “Naiilang ako sa mga kaibigan mo, eh. Lalo akong nagmumukhang pulubi. Magagarbong manamit, pati ang mga lalaki. Ayokong sumama, ikaw na lang.”

“Pambihira ka naman, o! Sumama ka na, naroon naman ako. Saka paminsan-minsan, matuto kang mag-unwind at makisalamuha sa maraming tao. Sige ka, kapag lagi kang seryoso, mabilis kang tatanda,” pangungumbinsi nito.

“Nasusupladahan kasi ako kay Faye, eh.”

“Mukha lang siyang suplada, pero mabait iyon. Siya pa nga ang nagsabi na isama kita, eh.” Itinaas nito ang mga paa sa sofa.

“Sinabi niya iyon?” napakurap na sabi niya, hindi makapaniwala.

Noon kasing ipinakilala siya ni Claire sa babae, nagmistula itong robot sa kawalan ng emosyon,

walang kangiti-ngiti. Pakiramdam niya, namimili si Faye ng kaibigan. At marahil kaya ganoon ang naging reaksyon nito sa kanya, hindi siya pumasa sa mataas na panlasa nito.

Tumango si Claire. “Sama ka na, ha? Ako na ang bahala sa pamasaha natin.”

“Sige na nga. Basta pagbalik natin dito, tutulongan mo akong maghanap ng trabaho, ha?”

“Okay, promise.”



“Ang sarap ng hangin dito sa itaas!” masayang bulalas ni Daffodil kay Claire habang lulan sila ng cable car sa Tagaytay.

“Kaya nga pinilit kitang sumama dahil sigurado akong magugustuhan mo rito.” At upang hindi marinig ng ibang sakay ang sunod na sasabihin, inilapit nito ang bibig sa tainga niya. “Saka alam kong first time mong sumakay dito.”

Napangiti rin ito nang ngumiti siya.

“Aayaw-ayaw ka pa noong una,” anito.

“Ang akala ko kasi, strictly one group kayo. Puwede naman palang humiwalay,” katuwiran niya.

“Siyempre naman. Saka hindi papayag si Faye na hindi niya masolo si Quartz,” tukoy nito sa nobyo ng babae.

Nanlaki ang mga mata ni Daffodil sa gulat. “Boyfriend niya ang matandang iyon?” Sa tantya niya ay mukhang retirado na ang lalaki.

Tumango si Claire. “Ubod daw ng yaman iyon, s’abi ni Faye. Iyon daw ang may-ari ng *Quality Mansion* dito sa Tagaytay at *Magnifico Residences* sa Baguio.”

“Kahit na. Kung ako ang nasa lugar ni Faye, hindi ko magugustuhan iyon. Bukod sa matanda na, kalbo pa,” nakangiwing komento niya.

Nagkibit-balikat ito. “Ganoon talaga, eh. Magkakaiba ang gusto ng tao. Para kay Faye, mas mahalaga ang utak kaysa sa puso. Hindi na baleng wala siyang pag-ibig, basta’t nasusunod ang layaw niya.”

Napailing ang dalaga. “Para kasing hindi ko ma-take ang sinabi mo na kaya sila humiwalay ng lakad ay dahil gustong masolo ni Faye iyong matanda. Mababakas din naman na magandang lalaki si Quartz noong kabataan niya, pero ngayon... kumbaga sa ginataang Bicol Express na dating masarap, wala nang anhang, panis pa.”

Humagalpak ng tawa si Claire. “Oy, grabe ka, ha!”

“Nagsasabi lang naman ako ng totoo, ah!”

“Alam mo, kaya niya gustong masolo si Quartz, hindi dahil gusto niyang yakapin o halikan iyong matanda,” nangingiting sabi ni Claire.

“Eh, bakit nga?”

“Alam mo naman kapag matanda na at maraming pera, nadadaan sa lambing. Malamang,

may gustong ipabili si Faye sa kanya kaya she needs privacy.”

“Hindi nakapagtataka kung sooner or later, may sarili nang bahay at kotse si Faye,” komento ni Daffodil.

“Iyon ang katuwiran niya. Kahit hindi nakakatakam ang katabi niya sa kama, nagamit naman niya ang kagandahan niya para umasenso,” napapailing na saad nito na halatang hindi rin pabor sa estilo ng kaibigan.

“Hay!” napapabuntong-hiningang wika niya. “Ako, mabuo lang kami ng pamilya ko at mahal in ako uli ng nanay ko, kontento na ako doon. Wala na akong mahihiling pa.” Pagkasabi niyon ay kumulimlim ang mukha ni Daffodil.

Napabuntong-hininga rin si Claire. “O, nalungkot ka na naman. Remember, we’re here to enjoy. Kalimutan mo muna ang problema mo.”

“Don’t worry, Claire, okay lang ako. Baka gutom lang ito. Hindi kasi ako nakapag-almusal nang maayos kanina dahil excited akong pumunta rito.”

“Kunsabagay, nararamdaman ko na rin ang pagkulo ng sikmura ko. Sige, pagbaba natin, kumain na muna tayo. Mamaya na natin ituloy ang pamamasyal.”

Nagtilian ang tatlong babaeng pasahero na kasama nila roon nang biglang huminto sa kalagitnaan ang cable car.



“Naku! Daffodil, nasiraan yata tayo! Ang tayog pa naman ng kinalalagyan natin!” Umahon ang nerbyos sa mukha ni Claire habang tila sinusukat nito ang taas ng kinaroroonan nila.

Lalong lumakas ang sigawan ng mga babae nang marinig iyon. Pati tuloy siya, nanginig na rin sa takot.

“D-Diyos ko, Claire, alam ba ng operator na huminto tayo rito? P-paano kung malala ang sira ng makina? Ibig sabihin, magtatagal tayo rito?” namumutlang sabi niya.

“Tatawagan ko si Faye para maipaalam ito sa kinauukulan.”



Mahigit treinta minutos ang lumipas bago muling umandar ang cable car. At dahil sa magkahalong nerbyos at gutom, hindi na maipinta ang mukha ni Daffodil nang makaibis mula roon.

Sinalubong sila ng isang matangkad na lalaki na walang humpay ang paghingi ng dispensa.

“Ikaw ba ang operator ng cable car?” yamot na sita niya rito habang naniningkit ang mga mata. “Hindi mo ba alam na muntik na kaming mamatay sa takot?”

Napatitig ito sa kanya nang ilang saglit bago nakasagot, “Pasensya na po, Ma’am. Nagkaroon po kasi ng technical problem kaya—”

“Technical problem?” Halos lumuwa ang mga

mata niya sa galit nang sabihin iyon. “Trabaho ninyo na i-check ang mga iyan bago i-operate, hindi ba? Mabuti na lang at walang hinimatay sa amin dahil kung hindi, kargo de konsyensya ninyo kami!”

Nangunot ang noo ng mestisuhing lalaki. Halatang pinipigilan nito ang sarili na patulan siya. “Hindi ko naman ginustong mangyari iyon. Talagang kahit saang lugar, may nangyayaring aberya katulad nito.”

“Ganoon naman pala, eh! Aware kayo na posibleng magkaroon ng problema! Dapat sana, nakahanda kayo sa ano mang puwedeng mangyari at hindi iyong nalipasan na kami ng gutom dahil sa kabagalan ninyo!” muling singhal niya.

“Teka, Miss, huwag kayong magtaas ng boses dito. Kung gusto ninyo, doon tayo sa opisina mag-usap.” Banaag sa mga mata ng lalaki na napipikon na sa taas ng timbre ng boses niya.

Pinamaywangan niya ito. “Talagang magrereklamo kami—”

“Halika na, Daffodil. Tama na ’yan. Pinagtitinginan na tayo ng mga tao. Nakakahiya,” saway ni Claire sa kanya. Hinila siya nito palayo sa lugar na iyon.

Daffodil harshly took a breath. “Pati ba naman dito, sinusundan pa rin ako ng malas? Kung ganyan din lang, hinding-hindi na ako sasakay uli sa cable car na iyan!”

“Nagkataon lang ’yon. Ikaw talaga, nagpadalusalos ka na naman. Kawawa ’yong operator, ipinahiya mo. Ang guwapo pa naman niya,” napapailing na turan nito.

“Iyon, guwapo?” Nagsalubong ang mga kilay niya. “Ang sabihin mo, engot. Muntik na akong maihi sa sobrang kaba kanina, ah. Pagkatapos, puro ‘pasensya’ lang ang maririnig ko sa kanya?”

“Eh, ano ba ang gusto mong marinig? Hindi naman niya ginustong ma-stranded tayo sa ere,” sabi ng kasama.

Muling bumuntong-hininga si Daffodil. Mali nga yata ang ginawa niya. Hindi siya dapat nagpadala sa kanyang emosyon.

“Kumain na nga lang tayo.” Isinukbit niya ang kamay sa braso ng kaibigan

Natawa si Claire. “Umakyat na nga siguro ang gutom sa utak mo, kaya nagmukha kang maton kanina.”

“Grabe ka naman! Hindi nga?”

“Alam mo, kung asawa mo ang lalaking iyon, lagi sigurong under-de-saya sa ’yo,” natatawang sabi nito.

# Chapter Two



“Daffodil, sama ka sa amin mamaya,” yakag kay Daffodil ni Genia, isa sa mga kasamahan niya sa bagong pinagtatrabahuhang coffee house sa Makati.

“Saan?” tanong niya habang isini-set ang order ng isang customer sa kitchen.

“Nagyayaya si Gerald sa comedy bar na malapit dito,” tukoy nito sa isa pang katrabaho. “Pinsan niya ang may-ari ng bar na iyon kaya libre ang entrance. Pagkain lang ang babayaran natin. Isa pa, Friday naman ngayon, saka araw ng sahod. Ano, sama ka?”

Naalala ng dalaga ang planong mag-ipon ng pera. “Gusto ko sana, kaso...”

“Sigurado akong mag-e-enjoy ka roon. Sige na, kahit ngayon lang,” pamimilit nito.

Daffodil stretched her lips. “Pag-iisipan ko.”

“Ito talaga. Kailangan pa bang pag-isipan ’yon?”

“Hindi kasi ako makapag-decide ngayon lalo na kapag mga ganyang lakaran. Isa pa—”

“Excuse me, Daffodil!”

Kapwa sila napalingon sa humahangos na si Liena, isang co-worker din nila.

“Bakit?” nagtatakang tanong niya rito.

“Ipinapatawag ka ni Ma’am Carmel. Bilisan mo at mainit ang ulo,” sabi ng babae.

Kinabahan si Daffodil. Kamalasan na naman yata ang nag-aabang sa kanya sa opisina ng manager.

Tumalima siya at pagpasok sa opisina ng nakatatandang babae ay nabungaran niya na magkasalubong ang mga kilay at nakaismid ito. “G-good afternoon po, Ma’am.” Kasabay ng pangingin ng boses niya ang kanyang mga tuhod.

“Maupo ka,” mariing utos ng mahigit cuarenta años na babae. Mataman siyang pinag-aralan nito bagong muling nagsalita. Panay naman ang dasal ni Daffodil nang mga sandaling iyon. “Nakakaisang buwan ka pa lang dito, tama ba?” sabi nito na hindi inaalis ang tingin sa kanya.

“Y-yes, Ma’am. B-bakit po?”

“Karen filed an irrevocable resignation letter early this morning,” wika nito, sabay turo sa isang dokumento sa ibabaw ng mesa. “Ikaw ang napili kong ipalit sa kanya.”

“Po?” nasorpresang sabi niya saka napakurap.

“As a negotiator, you’ll be the one to represent our coffee house and to deal with the coffee traders,” sabi ng nakasimangot pa ring babae.

“Pero—”

“Wala akong ibang pagpipilian. Kahit ayoko, ikaw ang kailangang gumawa nito.

“Eh, Ma’am—”

“Ang isa sa mga problema sa negosyong ito,” pagpapatuloy ng manager, “ay nagkakaubusan minsan ng supplies ng kape dito sa bansa dahil ang karamihan sa traders, they prefer to export the product.”

“Sa totoo lang po, Ma’am, wala po akong idea sa pakikipag-negotiate. Pero kung iyon po talaga ang magiging trabaho ko, sisikapin ko pong magampanan nang maayos,” pahayag niya.

Dinig na dinig ni Daffodil ang pagbuntong-hininga ng kausap. Sa pakiwari niya ay nadismaya ito sa narinig. Mayamaya ay sumandal ito sa kinauupuan at muling ipinako ang tingin sa kanya. Lalo tuloy siyang kinabahan.

“Kapag sinabing negotiation, bukod sa masinsinang pakikipag-usap sa traders, kasama na rin doon ang panliligaw. Kahit tumanggi na sila, susuyuin mo pa rin dahil kung hindi, babagsak ang coffee house,” paliwanag nito.

“Ibig po ninyong sabihin, sa akin nakasalalay iyon?”

“Exactly.”

“P-pero—”

“Marami tayong kakompetensya rito. Marami tayong kaagaw sa traders, kaya dapat hindi lang doble kundi triple pa ang pagiging agresibo mo pagdating sa trabahong ito,” pairap na sabi ng

manager.

“H-hindi ko naman po sinasabi na hindi ko kaya, pero paano po kung hindi ko sila makumbinsi?” tanong niya, nasa tinig ang kawalan ng kumpyansa.

Muli itong nagbuntong-hininga. “Miss Santiago, alam ko kung ano ang naging record mo sa *Genesis Paper Manufacturing Company*.”

Nagulantang si Daffodil sa narinig. Parang biglang namanhid ang dila niya. Hindi siya makasagot.

“Bukod doon, kulang ka pa ng isang semester sa course mong BS Education. Kung tutuusin ay hindi iyon nakalinya sa ganitong klaseng trabaho, pero tinanggap pa rin kita dahil ipinakiusap ka sa akin ng kaibigan ng pinsan ko. Hindi kita hinusgahan. But this is your chance to prove your worth. Naiintindihan mo ba ako, Miss Santiago?”

Tumango si Daffodil kahit atubili siya sa gagawin. “Y-yes, Ma’am.”

Marami rin siyang tanong ngunit napilitan na lang siyang itikom ang bibig. She wanted her job so seriously that she would do everything to carry on. And whatever it might take, she wouldn't give up.



“Ano!” gulat na sabi ni Claire nang malaman ang ibinalita niya. “Kanino naman niya nalaman ang tungkol sa record mo sa *Genesis*?”

Dismayadong ibinagsak ni Daffodil ang katawan sa kama. Naroon sila sa silid nito nang mga sandaling iyon. “Hindi ko nga alam, eh,” nakakunot-noong sabi niya. “Sigurado ka bang walang napag-usapan sina Tita Ella at ang pinsan ni Ma’am Carmel tungkol doon?”

“I’m sure, wala. Saka hindi iyon sasabihin ni Mama kahit close pa sila ni Tita Mendra. Ang lakas naman ng radar ng boss mo. Daig pa ang imbestigador.” Mayamaya ay natigilan ito. “Baka naman ipina-background check ka niya.”

“Impossible,” napailing na sabi niya. “Wala naman silang pagbabasehan ng background investigation dahil hindi ko nga inilagay ang previous job kong iyon sa resumé ko dahil makakasira, hindi ba?”

Tumango ang kanyang kausap. “Nakakapagtaka lang naman kasi. Pero hindi ba harassment din na maituturing iyong ginagawa niya sa ’yo? Tinatakot ka niya, and at the same time, hinahamon ka. Kung tatanggihan mo iyong trabaho, tatanggalin ka niya. Tama ba iyon?”

Napabuntong-hininga si Daffodil at tiningnan ang kaibigan. “Wala akong ibang choice kundi tanggapin ang trabahong iyon, Claire. Sa panahon ngayon, mahirap maghanap ng matinong trabaho lalo na kung undergraduate ka. Saka kailangan kong patunayan ang sarili ko kay Ma’am Carmel.



Malinis ang konsyensya ko. Kung nagkamali ako ng pinagkatiwalaang tao noon, hindi na ako papayag na gamitin ako ng iba sa pansarili nilang dahilan,” buo ang loob na saad niya.

“Eh, taga-saan ba iyong kakausapin mong trader?”

“Taga-Alfonso, Cavite.”

Umarko ang mga kilay nito. “Cavite? Ang layo naman! Wala bang malapit-lapit?”

“Ang s’abi kasi ni Ma’am Carmel, iyon na lang ang coffee trader na puwedeng bilhan dito sa Luzon dahil iyong iba, eksklusibong nakakontrata na sa *Global Café*,” tukoy niya sa establisadong international coffee manufacturer.

Nagkibit-balikat si Claire pagkatapos ay ngumiti. “So, good luck na lang, ha? Sana lalaki ang may-ari ng coffee farm na iyan para magamit mo ang charm mo.”

Natawa siya. “Mayroon ba?”

“Charming ka naman talaga, eh. Wala ka lang tiwala sa sarili mo,” sagot nito.

“Noong bata ako, umaapaw ang confidence ko sa sarili. Pero sa dami ng malungkot na nangyari sa buhay ko, wala nang natira kahit kapisaso,” malungkot na sabi na lang niya.



Namangha si Daffodil nang bumulaga sa paningin niya ang malawak na coffee farm na iyon

na sinadya niya sa Cavite. Maging ang matayog at paikot na bronze staircase patungong ituktok ng burol kung saan nakatayo ang malaking bahay ng may-ari ay lubhang kahanga-hanga.

“Maupo ka. Sandali lang at tatawagin ko si Sir,” sabi ng unipormadong katulong sa kanya. Iniwan siya nito sa malawak na balkonahe na nasisilbing tanggapan ng mga panauhin.

Habang naghihintay ay nilibang ng dalaga ang sarili sa pagbista sa paligid. Halos hindi siya magkandatuto kung saan unang ibabaling ang tingin.

Kung pagmamasdan ang wall fixtures ng kabahayan maging ang mga kakaibang klase ng wooden statuettes at glass figurines, isang African-inspired interior ang ginamit doon.

Nakakabighani rin ang disenyo ng mga kurtina. Ang tela niyon ay masinsing pinalamutian ng di-pangkaraniwang abaloryo o beadworks.

Napaisip tuloy siya. Bakit kaya mayroong mga taong kalat ang suwerte sa mga palad? Samantalang iyong iba naman, sagad sa talampakan ang kamalasan na halos mamalimos sa lansangan para lamang may makain.

Nang mapatingin siya sa granite floor, malinaw niyang nabanaag ang sarili. Kitang-kita niya roon ang kaba sa kanyang mukha.

Napabuntong-hininga si Daffodil. Abut-abot

ang kanyang dasal. Sana ay maging maayos ang pakikipag-usap niya sa may-ari. Wala sanang maging problema.

“Ano ang kailangan mo?” anang boses-lalaki mula sa likuran.

Nahigit ng dalaga ang paghinga. Naramdaman kaagad niya ang awtoridad sa boses at presensya nito kahit nakatalikod siya. Para tuloy gusto na niyang umurong sa natanguang trabaho.

She put herself together, trying to appear as serene as possible. Nilingon niya ito.

Bumilis ang tahip ng kanyang dibdib nang muling makita ang operator ng cable car na inaway niya noon sa Tagaytay.

Mahigit dalawang linggo lamang ang lumipas ay malaki na ang ipinagbago ng lalaki. He looked perfectly mesmeric in his light brown polo shirt with its long sleeves half-folded around his arms. Hindi tuloy niya naiwasang pagapangin ang kanyang mga mata sa kabuuan nito.

“Kung tititigan mo lang ako at wala kang sasabihin, mas mabuti pa sigurong ituloy ko na lang iyong iniwan kong trabaho,” sarkastikong sabi nito.

Napasimangot si Daffodil sa kaarogantehan ng lalaki. “Hindi kita tinititigan,” pagsisinungaling niya. “Nagtataka lang kasi ako kung bakit ikaw ang narito sa harapan ko. Iyong may-ari ng farm ang gusto kong makausap at hindi ang empleyado

niya.”

Pumormal ang anyo nito. “Mukha ba akong empleyado lang?”

Natigilan siya at sunud-sunod na napalunok. Natanto kaagad niya kung ano ang ibig nitong sabihin. Sa bikas ng kausap, hindi nga ito mukhang tagapitas at tagagiling lamang ng kape.

“I-ikaw ang may-ari ng coffee farm? P-pero paanong...?”

Sarcasm solidified in his smile. “Paanong nangyari na ako ang may-ari ng coffee farm samantalang isa lang akong cable car operator? Iyon ba ang gusto mong sabihin?”

Natutop ni Daffodil ang bibig. Nasalamin niya sa mukha nito ang isa pang katotohanan na sumampal sa kanya. “I-ikaw rin ang may-ari ng amusement park na iyon sa Tagaytay?” di-makapaniwalang sabi niya.

“Hindi na ako magtatanong kung bakit nagtataka ka. Ganoon talaga ang mga taong hindi muna nag-iisip bago magsalita,” seryosong tugon nito.

Lalong naningkit ang singkit niyang mga mata. “Natural lang na mag-react ako dahil natakot ako sa nangyari. Alangan namang ngitian pa kita at magpasalamat dahil muntik na akong mamatay,” pagdidiin niya.

“That’s the first time it happened. May kakabit

ka sigurong malas kaya nangyari iyon,” anito.

Umakyat ang dugo niya sa ulo. Natumbok kasi nito ang matagal na niyang ipinaghihimutok. Gayunpaman, kahit pilitin niyang maging kalmado sa harap nito, umandar ang katarayan niya.

“Bakit? Nakakabit din ba sa akin ang katangahan ng mga tauhan mo?”

Tumigas ang anyo ng lalaki. “I’ve known them for years. Alam ko kung paano sila magtrabaho. They work not just for their own good. Ginagawa nila iyon para makapagpasaya ng ibang tao, kaya walang dahilan para sisihin sila. They don’t have the intention of hurting people,” paglilinaw nito.

Naikuyom ng dalaga ang mga palad sa pagpipigil ng emosyon. Hindi niya matanggap sa sarili na napapatahimik siya ng lalaking ito. At sa estado nito, batid niyang kahit anong klaseng argumento ay hindi siya mananalò rito.

“May gusto ka pang sabihin?”

Lalo siyang napamaang nang titigan nito. His eyes were so enigmatic and it caused her heart to palpitate. With his kind of stare, she couldn’t breathe right and was at a loss for words.

“I guess this conversation is over,” deklara nito.

Nang tumalikod ang lalaki ay saka lamang niya naalala ang pakay niya sa lugar na iyon. “S-sandali lang...”

Huminto ito sa paglalakad at muli siyang

nilingon.

“Uh...” She desperately breathed in, trying to rein in her pride. “I... I’m sorry. H-hindi ako naparito para pagsalitaan ka ng kung anu-ano. I came here to buy products for *Coffee De Luxe*.”

Saglit siyang tinitigan nito, saka muling nagsalita. “I’m thankful that *Coffee De Luxe* has been one of our regular clients. But we’ve started to export our products for the past few months. And since our sales increased to 50% of what we expected, we intend to keep it that way,” paliwanag nito.

Disappointment lined her face. Naramdaman ni Daffodil na unti-unting bumagsak ang gabutil na pag-asang naipon niya sa dibdib. Paano pa niya ito mapapakiusapan gayong bukod sa sitwasyon, hindi naging maganda ang una at ikalawang engkuwentro nila? Walang duda, pangit ang impression na iniwan niya sa lalaki.



# Chapter Three



“I hope you could find other traders elsewhere.” Pagkatapos sabihin iyon ng makisig na coffee farm owner ay humakbang na ito papasok sa loob.

Nataranta si Daffodil. Hinabol niya ang lalaki. Hindi rin niya napigilan ang sariling hawakan ito sa braso. “P-please, I need this job! I need to keep it going! Parang awa mo na...”

Sandaling napatitig ito sa mukha niya, nakakunot-noo. Ngunit mayamaya ay humagalpak ito ng tawa na ikinagulat ng dalaga.

“A-ano ang nakakatawa?” naiilang na sita niya.

“I just couldn’t believe the upmarket *Coffee De Luxe* has sent a representative as frantic as you. I mean, if it’s your way of convincing me, I would rather be convinced by a conventional but smart woman from the province,” sabi nito.

Gusto na namang sumabog ng maaanghang na salitang naipon sa kanyang bibig, ngunit tinimpi niya ang sarili. Hindi iyon ang tamang oras para patulan ang lalaki. Unang-una, naroon siya upang manuyo alang-alang sa kanyang trabaho. Kaya kahit nasaktan siya sa sinabi nito, pinilit niyang bilugin ang mga matang kanina pa naniningkit dahil sa ngitngit.

“Look,” she said, heaving a sigh, “hindi mo alam kung gaano kaimportante ang trabahong ito para sa akin. Kaya kahit ipagtabuyan mo pa ako o insultuhin nang ilang beses, hindi ako titinag sa kinatatayuan ko. I’ll do anything just to keep it.”

Saglit na natigilan ang kanyang kausap, tila nag-isip. “Anything?” walang kakurap-kurap na paniniguro nito.

“Yes,” walang gatol na tugon niya kahit pa tone-toneladang agam-agam ang nasa kabila niyon.

“Okay,” he said in a seemingly decisive tone. Then he walked toward the balustrade of the balcony and stood there as he focused his sight on the rich and vast coffee plantation. “I’ll authorize you to purchase products from us.”

Nagliwanag ang mukha ni Daffodil nang marinig iyon. Masayang nilapitan niya ang lalaki. “T-talaga?”

Pairap na sinulyapan siya nito. “You heard it right. Huwag mo nang ipaulit sa akin dahil baka maisipan ko pang baguhin ang desisyon ko.”

Hindi na pinansin ng dalaga ang pagsusuplado nito. Ang mahalaga, she got his approval. “Naku! Maraming salamat! Malaking tulong talaga ito para sa akin,” natutuwang sabi niya.

Ngunit nagtaka siya nang sa halip na ngumiti ito o sumagot, muli nitong itinuon ang tingin sa kanya. She was standing closer to him than she had



been moments ago. Nagkaroon tuloy siya ng sapat na pagkakataong masilayan ang kaguwapuhan ng kaharap.

Arogante ang lalaki, ngunit nang mapatitig siya sa mga mata nito, hindi lamang kabog ng dibdib ang umalipin sa kanya nang mga sandaling iyon kundi guilt na hindi niya maintindihan kung bakit.

“Huwag ka munang magpasalamat dahil may kondisyon ang pagpayag ko.” Seryosong ibinalik nito ang tingin sa malayo.

Napakunot-noo siya. “Anong kondisyon?”

“You have to work for me.” Muli siyang hinarap nito at isinandal ang likod sa pasimano ng balkonahe.

“P-pero may trabaho ako—”

“You agreed to do anything, right?”

Napabuntong-hininga si Daffodil nang maalala ang naipangako. “Oo nga, pero hindi ko naman akalain na iyan ang magiging kondisyon mo.” Napahalukipki siya. “Huwag mong sabihin na dahil lang sa nangyari sa Tagaytay, pahihirapan mo na ako nang ganito?”

Tila nang-uuyam na ngumiti ang lalaki. “Kung tutuusin, nakalimutan ko na ang tungkol doon. But your several offenses had made me think twice.”

Muling nangunot ang kanyang noo. “Offenses? Ano ang ibig mong sabihin?”

Parang sumabit sa kanyang lalamunan ang

hanging ibubuga na sana niya nang lumapit ito sa kanya, seryoso ang mukha.

“Talaga bang hindi mo ako nakikilala?” tanong nito sa kanya.

“A-ano’ng ibig mong sabihing hindi nakikilala? H-hindi kita maintindihan...” Dahil naguguluhan, muli siyang napatitig sa mapangusap na mga mata nito. Upon looking at him, she felt nothing but the same remorse which seemed to have been buried in her heart.

“Hindi ka pa rin nagbabago, Daffodil Santiago,” anang lalaki.

Kasabay ng pagragasa ng dugo sa kanyang mga ugat, ang pagdagundong ng kanyang dibdib nang mapagsino ang kaharap.

“D-Dwaine Almendarez? Ikaw nga ba si Dwaine?”

“I’m glad you still have the courage to say my name,” wika nito na bahagyang ngumiti.

Natutop niya ang noo. Parang biglang sumakit ang kanyang ulo nang muling pumasok sa isip niya ang mga bagay na matagal na niyang ibinaon sa limot.

“Did I surprise you?”

Saglit na napapikit nang mariin si Daffodil. Wala siyang maapuhap na salita para tugunin ang sinabi nito. She seemed to be on cloud nine upon realizing it was him, but her glee suddenly turned

upside down when she remembered loathsome moments with him years ago. Kaya pala iba ang pakiramdam niya tuwing pagmamasdan ito.

Napakalaki ng ipinagbago ni Dwaine. Kung dati ay hukot at patpatin ang katawan nito, matipuno ang pangangatawan nito ngayon. Sa taas nitong humigit-kumulang sa 5'10" at sa magandang tindig at porma, higit na tumingkad ang kaguwapuhan nito.

"D-Dwaine, alam kong marami akong kasalanan sa 'yo, pero hindi ko iyon lahat sinadya. Marami akong—"

Naputol ang kanyang sasabihin nang muling tumawa ang binata. "Oh, come on, Daffodil! I've known you for so long and now you want me to believe you?" Napailing ito. "Don't expect me to be reasonable!"

"Bata pa ako noon, Dwaine. I was impulsive and careless," katuwiran niya.

"For God's sake!" Natampal nito ang noo. "We were high school students then. At sa edad na iyon, alam mo na ang tama at mali. Huwag mong gawing ignorante ang sarili mo."

Sa tono ng pananalita ni Dwaine, ramdam niyang nasaktan niya ito nang lubos. Hindi nga niya ito masisisi kung bakit nais nitong mahirapan siya ngayon.

"Pero pinagsisihan ko na iyon," giit niya.

“Well, if that’s so...” Inilapit nito ang bibig sa mukha niya.

Nais niyang pagalitan ang sarili dahil sa halip na kamuhian ito, kakaibang kilig pa ang idinudulot nito sa puso niya.

“This is the perfect time to prove to me you’re worth forgiving.”

Daffodil sighed in defeat. Hindi na siya maaaring umurong. Kailangang panindigan niya ang sinabi. Hindi lamang sa iisang tao niya kailangang patunayan ang sarili ngayon kundi pati sa taong hindi niya inakalang aamuin niya nang ganito.

“Sige, pumapayag na ako sa gusto mo. Pero kailangan ko munang ipaalam sa boss ko ang kondisyon na sinasabi mo,” turan niya.

“Go ahead.” Muli itong sumandal sa balkonahe at humalukipkip habang nakatuon ang mga mata sa kanya.

Ngunit nang aktong pipindutin na niya ang cellphone ay bigla siyang napaisip. She couldn’t make a call. Limitado lamang kasi ang pondo na inilalaan niya para sa kanyang phone load at kalimitang pang-text messages lamang iyon.

Nang sulyapan niya ang binata, nakatitig pa rin ito sa kanya. Naramdaman niya ang unti-unting pag-iinit ng kanyang mga pisngi. Hindi nga lamang niya masiguro kung dahil iyon sa mga titig nito o

sa kahihiyang at sa pagiging helpless na hindi niya matawagan ang amo.

Lalong nagmistulang mga hinog na kamatis ang kanyang mukha nang iabot nito ang cellphone sa kanya. “If you’re into this kind of job, you should always keep your phone ready.”

Hindi niya muling pinansin ang pasaring nito at sa halip ay dali-daling tinawagan niya si Carmel. Pumayag naman kaagad ang huli sa hinihiling na kondisyon ni Dwaine.

Napabuntong-hininga ang dalaga nang matapos silang mag-usap ng amo. Nang tingnan niyang muli ang binata, hindi niya nagawang suhetuhin ang puso nang kumislot iyon.

“Siguro naman wala nang problema?” nakangising sabi nito.

Nairita siya sa nakitang reaksyon ng kaharap. Sa halip na maawa, parang tuwang-tuwa pa ito sa nangyayari sa kanya.

Daffodil straightened her back and slightly tilted her head. “Gusto kong sabihin na may kondisyon din ako sa pagiging secretary mo,” sabi niya.

Sabay na tumaas ang mga kilay nito na parang may ikinagulat sa sinabi niya. “I don’t remember telling you that you’re going to be my secretary.” Umiling-iling ito. “I regret to tell you that you’ll not be working here as such but as one of them.”

Napatigagal ang dalaga nang ituro nito ang mga manggagawa na abalang nagtatrabaho sa plantasyon sa kainitan ng araw.

“A-ano!” Nagsalubong ang mga kilay niya. Kahit nga noong mga panahong hirap na hirap siya sa buhay at walang permanenteng matirhan, hindi niya naisip na maglako ng paninda at sunugin ang balat sa kalye. “Gumaganti ka ba talaga? Hindi mo man lang ba naisip na sobrang unfair iyon sa akin?”

“Unfair? Paano mangyayari iyon samantalang magiging doble ang sahod mo? Bukod sa regular salary mo sa *Coffee De Luxe*, susuwelduhan pa kita. And you’ll be receiving a higher rate than those workers. Isn’t it fair enough?” paliwanag ni Dwaine.

Nawalan siya ng kibo. Mas nanaig sa kanya ang pagiging praktikal nang mga sandaling iyon. Kung tatapatan nga nito ng karampatang halaga ang paghihirap at sakripisyo na naghihintay sa kanya roon, marahil ay kaya na niyang pagtiisan ang ganoong sitwasyon.

“Papayagan kitang umuwi muna ngayon para kumuha ng gamit. You can start on Monday.” Pagkasabi niyon ay pumasok na sa loob ang lalaki.

“Sandali lang...” Napailing na lamang ang babae nang hindi siya pinansin nito.



Buong maghapon hanggang kinagabihan, si Dwaine ang naglalaro sa isip ni Daffodil. Hindi

tuloy niya naiwasang balikan ang mga nangyari noon...

“O, kumusta na ang pakiramdam mo? Halos dalawang linggo ka ring nawala, ah. Ang dami mo ring na-miss na lessons,” sabi ni Lizette, ang close friend niya.

“Medyo nanlalata pa nga ako dahil sa trangkaso,” tugon niya, sabay sulyap sa papel na hawak nito. “Ano ’yan?”

“Ah, ito iyong proposal na ginawa ko para sa Science Investigatory Project natin. Ngayon kasi ang final submission nito. Nakagawa ka na rin ba?”

“Naku! Oo nga pala.” Napakamot siya ng ulo. “Nakalimutan ko na ngayon nga pala ang submission niyan. Paano kaya ito, wala pa akong nagawa. Istriкта pa naman si Ma’am Rebecca. Subukan ko kayang makiusap sa kanya? Baka sakaling pumayag na next week na lang ako mag-submit.”

“Ewan ko lang.” Nagkibit-balikat si Lizette. “Iyon pa? Putak nga nang putak noong isang araw. Kaya nga raw niya tayo binigyan ng one month preparation para diyan dahil ayaw niya ng late submission.”

“Nagkasakit naman ako, eh. Wala ba siyang konsiderasyon?”

“Kailan ba siya nagkaroon ng konsiderasyon? Para sa kanya, kasama ng disiplina ang pagiging istriкта kaya niya ginagawa iyon,” nakangusong sabi

nito.

*Nalungkot si Daffodil. Pihadong kapag hindi siya nakapag-submit ng proposal nang araw na iyon, bukod sa wala na siyang pag-asang makagawa ng project, mababawasan pa ang grado niya sa Science para sa second grading period.*

*Nakakagat-labing nagpalinga-linga siya sa loob ng classroom. Dahil maaga pa naman at iilan pa lamang silang magkakaklase na naroon, may oras pa siyang gumawa ng proposal. Bagaman handwritten ang gagawin niya at hindi siya makakasunod sa gusto ng guro, mas mabuti na iyon kaysa sa wala.*

*Habang dinudukot ang ballpen at papel mula sa kanyang bag, di-sinasadyang napalingson siya sa bakanteng upuan ni Dwaine. Nakita niyang lumabas ito kanina, ngunit iniwan nitong nakapatong ang proposal sa desk niyon.*

*Bunga ng matinding pangangailangan, kahit labag sa loob niya ay natukso siyang nakawin ang proposal ng kaklase. At nang matagumpay niyang nakuha iyon nang walang nakakita, kaagad siyang dumerecho ng library upang maisalin ang nilalaman niyon sa kanyang papel.*

*Nang bumalik siya sa classroom, lihim siyang natuwa nang tila bale-wala kay Dwaine ang nangyari. Sa katunayan, tahimik lamang ito at parang hindi hinahanap ang importanteng bagay na iyon na batid niyang pinaghirapan nito.*



*Kunsabagay, hindi ito ang tipong mag-o-overreact at maninita ng kapwa dahil bukod sa natural na walang-kibo ito, sobrang mahiyain pa.*

*Hindi nagtagal ay dumating na ang guro at kaagad nitong ipinapasa ang proposal. Nang matapos nitong happyawan ng tingin ang mga iyon, tila may inis na bumalandra sa masungit na mukha ng babae.*

*“Did I forget to tell this class to submit these proposals in typewritten form?”*

*“No, Ma’am!” sabay-sabay na sagot ng ilan.*

*Pagkatapos ay pinagsalit-salitan nito ang tingin sa kanila ni Dwaine. “And how come that these two proposals are like Siamese twins with the same places of commas and periods?”*

*Nagtatanong ang mga mata ni Dwaine nang sulyapan niya. At dahil guilty, pakiramdam ng dalaga ay napapaso siya sa pagkakatitig nito.*

*“Dwaine and Daffodil, I’d like to talk to both of you after class,” anang guro.*

*“Umamin ka nga sa akin, Daffodil. Ikaw ba ang kumuha ng proposal ni Dwaine?” pabulong na tanong ni Lizette sa kanya.*

*“H-hindi. B-bakit?”*

*“Tinanong kasi niya ako kanina kung nakita ko raw iyong proposal niya. Iniwan lang daw niya sandali sa upuan, pero wala na pagbalik niya,” pagkukuwento nito.*

“Iniwan pala niya, eh. Baka nilipad ng hangin ng wall fan,” sagot niya.

“Pero hindi ba s’abi mo, wala kang nagawang proposal? Eh, ano iyong ipinasa mo?” usisa nito.

“Iyong proposal ko!” nagmamalaki pang sabi niya. “Ginawa ko iyon sa library kaya nga handwritten. Sayang naman kasi kung wala akong maisa-submit ngayon. Saka ayokong mawalan ng grade sa project na ito.”

“Ibig mong sabihin, iyon ang dahilan kung bakit ka biglang nawala kanina? At ganoon ka rin kabilis gumawa ng proposal? Samantalang iyong sa akin, ilang linggo kong pinag-isipan,” nagtatakang sabi nito.

“Matagal ko nang nasa isip ang proposal na iyon, kaya lang hindi ko agad nailipat sa papel dahil nagkasakit nga ako,” pagsisinungaling niya.

“Eh, bakit sabi ni Miss Rebecca, parang kambal iyong proposal ninyo ni Dwaine?” Tila nanunudyong ngumiti ito, saka banayad siyang kiniliti sa tagiliran. “Hmm... ikaw nga siguro ang nagpuslit ng proposal niya kaya nawala.”

Napasimangot si Daffodil at nagsalubong ang mga kilay. “Hindi nga sabi, eh. Ang kulit mo! Gusto mo bang magalit ako sa ’yo? Saka, malay ko sa teacher na ’yan! Talaga namang maraming drama iyan sa pagtuturo, eh!” paangil na tugon niya.

“O, relax ka lang. Huwag kang magalit sa akin.

*Nagtatanong lang naman ako.”*

*Totoong matigas ang kanyang anyo at madiin ang kanyang mga salita, ngunit ang hindi batid ng kaibigan, wala siyang pagsidlan ng takot nang mga sandaling iyon. Kahit ilang beses niyang itago ang ginawa niyang kabulastugan, lilitaw pa rin ang totoo.*

*At iyon ang ikinababahala niya.*

